


## PM 2.5

### 1. Ano ba ang tinatawag na “PM 2.5?”

Mga napakaliit na bagay na nasa kahanginan na may laking  $2.5 \mu\text{m}$  (micrometer,  $1 \mu\text{m} = 0.001$  milimeter) pababa (kasing laki ng  $1/30$  ng buhok). Ito ay nabubuo mula sa mga aktibidad ng tao tulad ng pagmaneho ng sasakyan at pagpapa-andar ng boiler, at mula rin sa kalikasan tulad ng pagsabog ng bulkan. Madali itong makapasok sa loob ng baga, at ito ay sinasabing nakakasama sa katawan lalo na sa baga, lalamunan at puso.



### 2. Ano ang kinakailangang paghahanda upang mapanatili ang kalusugan?

Upang mapanatili ang kalusugan ng tao, sinasabing mas mabuting mapanatili ang konsentrasyon (pamantayan sa kalikasan) ng PM 2.5 sa kahanginan sa antas na nakasulat sa ibaba:

Average sa isang taon:  $15 \mu\text{g}/\text{m}^3$  pababa

Average sa isang araw:  $35 \mu\text{g}/\text{m}^3$  pababa

### 3. Ano ang kailangang gawin?

Kapag ang average na konsentrasyon ng PM 2.5 sa isang araw ay umabot ng  $70 \mu\text{g}/\text{m}^3$  pataas, kailangang mag-ingat sa mga sumusunod na bagay:

- Hangga't maaari huwag lumabas ng bahay
- Huwag mag-ensayo ng matagal o magpalipas ng mahabang oras sa labas
- Limitahan ang pagbukas ng bintana at pintuan upang hindi makapasok ang hangin mula sa labas sa loob ng kuwarto
- Kailangang mag-ingat pa rin ang mga taong mahina ang baga, lalamunan, at ildong, pati na rin ang mga matatanda at mga kabataan kahit na ang average na konsentrasyon ng PM 2.5 sa isang araw ay umabot lamang ng  $70 \mu\text{g}/\text{m}^3$  pababa.

#### 4. Paano malalaman ang konsentrasyon ng PM 2.5?

Maaaring malaman ito mula sa homepage ng Kyoto Prefecture. Kapag ang average sa isang araw ay inaasahang lumampas ng  $70 \mu\text{g}/\text{m}^3$ , ipapaalam ito sa pamamagitan ng homepage at iba pang mga ahensya ng gobyerno na nagbibigay ng impormasyon.

<http://www.pref.kyoto.jp/taiki/1111111.html> (Japanese)

Kapag pinindot (click) ang “日平均値（直近1週間）” (average na antas sa nakalipas na linggo), maaaring malaman ang konsentrasyon ng PM 2.5 sa iba't-ibang lokalidad.

Kyoto Prefectural  
International Center

